

INFORM

ISYU 17 / Mayo 2015

Isang Natatanging Lathalain ng Ministry of Manpower (MOM) para sa mga banyagang kasambahay sa Singapore



Ipinagdiriwang ang **RESPETO** at **PANGANGALAGA SA ISA'T-ISA**

Ipinagdiwang ng Foreign Domestic Workers ang ika-5 na Araw ng FDW noong Nobyembre 30, 2014.

Halos 5,000 mga FDW ang dumalo sa pagdiriwang na inorganisa ng Foreign Domestic Worker Association for Social Support and training (FAST), nagbibigay-pugay sa lahat ng mga FDW para sa mga nagawa nilang kontribusyon sa mga pamilya sa Singapore.

Nasiyahan ang mga FDW sa mga aktibidad na espesyal na plinano para sa kanila kasama na ang pagtatanghal ng sikat na Trio Macan

ng Indonesia. Ang pinakatampok ay ang pag-anunsiyo kung sino ang mga nagwagi ng "FDW ng Taon" at Employer ng Taon". Ang mga award na ito ay parangal kapwa sa mga FDW at mga employer, na nagpakita ng pangangalaga at respeto sa isa't-isa.

Binigyang diin, ng Panauhing-Pandangal na Senior Minister of State for Health and Manpower na si Dr Amy Khor ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa pagitan ng mga employer at mga empleyado sapagkat ito ang tutulong upang makabuo ng matibay na ugnayan sa trabaho.



► Basahin, habang ang mga nanalo ng "FDW ng Taon" at "Employer ng Taon" award ay ibabahagi ang kanilang mga payo kung paano malinang ang mas mabuting ugnayan sa pagtatrabaho sa bahay.

Isang Panalong Kombinasyon para sa Ugnayang Employer-FDW



Ang Nagwagi ng FDW ng Taon, Ms Chona Bandejas

Ang Filipinong FDW, na si Ms Chona Bandejas ang nagwagi ng “FDW ng Taon.” Ang parangal ay naging isang surpresa para sa mabait na 47 taong gulang na ito, na nag-alay ng 22 taon sa pamilyang Che, at nangalaga sa namayapang ama ni Mr Che na namuhay nang makabuhulan hanggang sa edad na 106! Naaalala pa niya na noong una hindi naging madaling masanay at makibagay sa kaniyang bagong kapaligiran na malayo sa inang-bayan, ito ay pinadali sa pamamagitan ng suporta at pang-unawa na ipinakita ng kaniyang employer. Heto ang maipapayo ni Ms Chona sa kaniyang mga kapwa FDW:

Maging matiyaga, masipag at magsikap na bumuo ng mutwal na tiwala sa iyong mga employer.



Ang Nagwagi ng Employer ng Taon, Mdm Tey Ah Neo

Ang Parangal na ‘Employer ng Taon’ ay ibinigay kay Mdm Tey at kanyang asawa, si Mr Tey Ah Neo, na nagpakita ng kapuri-puring pangangalaga at suporta para sa kanilang FDW, na si Ms Rodalina Saguid Dalauida. Ang mag-asawa ay nagbigay ng pinansiyal na suporta sa tatlong anak ni Ms Rodalina sa panahon ng kanilang pag-aaral sa unibersidad, ang matatag nilang paniniwalang ito ang magpapabuti sa buhay ng mga anak ni Ms Rodalina, nang sa gayon ay maging mahusay ang kalagayan nila upang mapangalagaan ang kanilang ina. Hinihimok ng mag-asawa ang kanilang mga kapwa employer at ang kanilang mga FDW na laging tulungan ang isa’t-isa.

ANG SUMUSUNOD NA MGA CORSO AY INAALOK NG GRACE MANAGEMENT & CONSULTANCY SERVICES (GMC)



PAGSASANAY SA PAG-AALAGA SA SANGGOL

Program Sesyon 1

- Pag-aalaga sa bagong-silang
- Pangangalaga sa pusod
- Mga batayan sa pagpapaligo
- Mga dapat at di-dapat sa pagsusuot ng diaper
- Pagbihis at paghubad

Program Sesyon 2

- Mga paraan ng pagkarga
- Mga posisyon sa pagtulog
- Pag-iyak at kung paano pangangalagaan
- Pagpapadede at pagpapadighay
- Personal na kalinisan
- Pangkalahatang kaligtasan

MGA BABAYARAN

Sesyon 1 at 2

Sa paaralan: S\$54 kada FDW (hindi bababa sa 5 para makapagpasimula)

Sa Tahanan: S\$180

SAAN

Lugar (sa paaralan)

10 Raeburn Park Blk C #02-33 Singapore 088702

Tel: 6299 4333

Email: gracemgt@gmcs.com.sg

TAGAL

Sa paaralan: 6 na oras

Sa Tahanan: 4 na oras

Naisip mo ba kung paano ginugugol ng ibang FDW ang kanilang araw ng pahinga sa Singapore? Napag-alaman ng team INFORM na:



Mag-chill out
– Tulad ng isang FDW



“Karaniwan na pumapasok ako sa paaralan na (The Archdiocesan Commission for the Pastoral Care of Migrants & Itenerant People, ACMI).”

– Si Ms Alma (Pilipinas) ay 3 taon ng nagtatrabaho sa Singapore

“Dumalo sa mga pagtuturo at mga klase para matuto ng mga bagong bagay. Habang nasa Singapore, gustong-gusto namin ang pagkakataon na matuto hangga’t kaya namin.”

– Si Ms Wigi Irnawati Rahayo (Indonesia) ay walong taon ng nagtatrabaho sa Singapore



“Pumasok ako sa paaralan (Filodep) para matutong manahi, mag-ayos ng buhok at mag-bake. Kaming magkakaibigan ay madalas ring mamasyal sa Botanic Gardens at magsimba ng magkakasama, at gustong-gusto namin ang pagkain sa City Hall!”

– Ms Thin Thin (Myanmar)

Alamin ang Regulasyon at Pamantayan ng iyong Permisong sa Trabaho



Humingi ng Pahintulot sa iyong Employer Bago Anyayahan ang Iyong Mga Kaibigan

Linggo at ito ang iyong araw ng pahinga. Imbes na pumunta sa iyong mga kaibigan, nagpasya ka na imbitahan sila sa bahay ng iyong employer dahil ang pamilya ng iyong employer ay wala sa bahay. Gayunpaman, hindi ito tama. Kung iimbitahan mo ang iyong mga kaibigan, humingi muna ng permiso sa iyong employer.

Sinumang pumasok sa bahay ng kanyang amo nang walang pahintulot ay ituturing na pumapasok sa bahay ng walang pahintulot. Labag sa batas ang pagpasok sa bahay ng walang pahintulot sa Singapore.



Hindi maaaring pumasok sa bahay ng iyong employer ang iyong mga kaibigan ng walang permiso ng iyong employer



Malaking problema para sa iyo kung mabuntis ka habang nagtatrabaho sa Singapore

Noong Nobyembre 2013, isang Indonesian FDW na si Ms Musliyati ang lihim na nanganak sa bahay ng kaniyang employer. Dahil desperado siyang itago ito sa kaniyang employer, ibinalot ni Ms Musliyati ang sanggol sa isang kumot at

plastic bag pagkatapos ay ibinaon ito sa likod-bahay. Di-nagtagal natagpuan ng Pulisya ang nakalibing na sanggol sa tulong ng police dog. Dahil sa kaniyang ginawa, si Ms Musliyati ay ikinulong ng tatlong buwan.



MAGSALITA KA

Mayroon ka bang gustong ibahagi sa amin, o sa iyong mga kapwa FDW? Hinihimok ka naming sulatan kami. O sumulat upang sabihin sa amin kung ano ang gusto mong makita sa mga susunod na isyu ng INFORM. Ipadala ang iyong liham sa **Media, Promotions & Education Branch, Foreign Manpower Management Division, Ministry of Manpower Services Centre, 1500 Bendemeer Road, #02-01, Singapore 339946.**

Ibu Mya Sadar Win (Myanmar)

Sa ngalan ng FDW, pinasalamatan ko ang INFORM sa pagbibigay ng pagkakataon na ipahayag ang aming damdamin. Nais kong ibahagi ang mga sumusunod sa mga FDW:

“Sa buhay humaharap ang bawat isa sa mga problema at suliranin; Ang mga ito ay parte at bahagi na ng ating buhay; Dahil sa mga ito tayo ay lalong lumalawak ang kaisipan; Napagbubuti ang ating mga buhay; Kaya huwag matakot, matapang na harapin ito.”

INFORM Team – Salamat sa iyong pagbabahagi Mya. Ito ay talagang nakapagbigay-inspirasyon!

Ibu Siti Hajariyah (Indonesia)

Masaya ako at maipagmamalaki na nakapag trabaho ako sa magandang Singapore. Salamat INFORM, para sa pagbibigay sa amin ng kapaki-pakinabang na impormasyon. Gusto ko ring samantalahin ang pagkakataong ito upang magbigay ng payo sa lahat ng aking mga kaibigan:

Huwag mong hayaang mawala ang pagkakataon habang nandito ka. Bukod sa pagkita ng pera, dapat ka ring kumuha ng kaalaman at kasanayan sa pamamagitan ng pagdalo sa mga kurso upang mapabuti ang iyong sarili. Hindi tayo manirahan habambuhay sa ibang bansa. Tandaan: “Gaano man kataas lumipad ang tagak, tiyak na babalik ito sa kanyang sariling pugad”.

INFORM Team – Hi Siti, nagbahagi ka ng isang napakamakahulugang payo. Umaasa kami na patuloy kang magbabasa ng INFORM at dumalo sa mga itinatatampok na kurso.

Ibu Karunanithi Buvaneswari (India)

Ito ang unang pagkakataon na nagtrabaho ako dito sa Singapore. Nang una akong dumating sa airport, lito at takot ako. Pero sinabi ng opisyal sa counter “sana, ngumiti ka” at binigyan niya ako ng ilang kendi. Dahil dito naramdaman kong welcome ako at nanabik ako sa bagong buhay ko dito sa Singapore. Gusto ko ring matuto pa ng bagong kakayahan habang nasa Singapore.

INFORM Team – Hi Buvaneswari, natutuwa kami na sabik ka sa trabaho mo sa Singapore. Hangad namin ang pinakamabuti para sa iyo.

Ibu Jane O Mordido (Philippines)

Na-inspire ako pagkatapos kong mabasa ang huling isyu ng INFORM. Nakaka-relate ako sa mga kwento ng kapwa ko FDW. Alam ko na hindi madali ang maging isang FDW. Namimiss natin ang ating pamilya pero kailangan nating magtrabaho sa ibang bansa para mabigyan natin sila ng magandang kinabukasan. Ang kailangan nating gawin sa ngayon ay maging matatag at huwag mawalan ng pag-asa. Ito ang susi ng ating tagumpay sa buhay.

INFORM Team – Hi Jane, masaya kami na nakapagpasigla sa iyo ang mga artikulo namin sa INFORM. Umaasa kami na masisiyahan ka sa isyung ito.

Emi Lestari - Isang Tunay na Inspirasyon para sa kapwa FDWs



► Ms Emi Lestari, mula sa Jogjakarta, Indonesia, ay nagtatrabaho na sa Singapore bilang isang FDW ng 12 taon.

Maraming taon na ang nakalipas sa isang kaganapan ng FDW Day, nagsimula ang interes ni Emi sa money management mula sa isang pahayag ng isang mag-aaral mula sa Aidha. (Mula 2006, nagbibigay ang Aidha ng mga programa sa pagsasanay sa money management, computer literacy, leadership

at mga kasanayang-pangnegosyo na nagbibigay-daan sa marami nilang mag-aaral upang magtayo ng sarili nilang mga negosyo at gumawa ng produktibong mga pamumuhunan sa kanilang sariling bansa, na nagbibigay ng higit pang mga matibay na opsyon para sa kanilang sarili, kanilang mga pamilya at kanilang mga komunidad).

Pagkatapos ay sumali si Emi sa Aidha at nag-enroll sa dalawang-taong kurso (module 1 - Finance and Technology and module 2 - Entrepreneurship and Business Management). Habang nag-aaral sa Aidha, nagsumite si Emi ng isang 3-in-1 na planong pangnegosyo na nakabalangkas sa pag-setup ng isang one-stop na serbisyo na pinagsama-samang boutique, dress-making training center para sa dressmaking at isang wedding parlour. Natulungan ng planong ito si Emi na manalo ng ikalawang pwesto mula sa 110 na mga nagtapos sa Aidha.

Nagtapos si Emi noong 2014 at inaasahang ilunsad ang proyektong ito sa kanyang sariling bansa. Nakakuha si Emi ng maraming kaalaman sa pananalapi at natuto ng mabuti tungkol sa kanyang sarili. Sinabi ni Emi, "Nakikita ko ang mga resulta. Naging higit akong disiplinado sa aking paggasta at natuto kung paano i-manage ang aking suweldo." Plano niyang simulan ang negosyo ng paisa-isa, at sa sandaling matatag na ito, boluntaryo niyang ibibigay ang kanyang oras upang magturo sa dress-making courses.

Hinihikayat ngayon ni Emi ang kanyang anak na lalaki at mga magulang upang mag-ipon at mamuhunan para sa hinaharap. Pinapayuhan niya ang kanyang kapwa FDWs upang lumikha ng kanilang sariling mga kwento ng tagumpay sa pamamagitan ng paglalagay ng kanilang mga puso sa pagkamit ng kanilang mga layunin. Isang tunay na inspirasyon si Emi at ang kanyang mga pagsusumikap at determinasyon ay dapat na papurihan.

Yu War Chit - Isang kwento ng FDW

► Halos dalawang taon ng nagtatrabaho si Ms Yu War Chit (Myanmar) sa kanyang kasalukuyang employer.

Tulad ng maraming iba pang mga FDWs, nangailangan pa siya ng panahon upang makapag-adjust sa pagtatrabaho at paninirahan sa Singapore. Nakipag-usap ang INFORM team sa kanya upang malaman kung paano niya nagawang pagtagumpayan ang kanyang mga naunang takot upang ma-enjoy ang magandang pakikipag-ugnayan sa kanyang employer ngayon.

Ano ang masasabi mo sa pagtatrabaho sa Singapore sa unang pagkakataon?

Noong unang punta ko sa Singapore noong 2011, nahirapan akong mag-adjust. Malungkot ako at laging umiiyak. Unang pagkakataon ko iyon sa ibang bansa at hindi ko alam kung tatanggapin ako ng pamilya. Gayunpaman, alam ko na ngayon na matagal itong matutunan at makilala ang isa't isa.

Ano ang nadarama mo sa pagtatrabaho sa iyong kasalukuyang employer?

Pangalawang pamilya na ang kasalukuyang employer ko sa trabaho ko sa Singapore. Nag-alaga ako ng isang matandang lalaki na dumanas ng stroke. Tinatrato ko sila tulad ng aking sariling pamilya at dumating din sa puntong tinatawag ko silang "May May" (para sa Mummy o Ma'am) at "Phay Phay" (para sa Daddy o Sir). Tinatrato nila akong parang anak nilang babae at madalas kaming magbiruan. Tinuruan nila ako ng basic English at Malay, at kahit na sa pagluluto ng mga pagkaing Indian at Malay. Kapag nagluluto ko para sa pamilya ngayon, sinasabi nilang ito ay masarap!



Ano ang karaniwang ginagawa mo sa araw ng pahinga?

Mahalaga ang araw ng pahinga para sa akin mula sa pagtatrabaho. Karaniwang binibisita ko ang Burmese Buddhist Temple sa Toa Payoh o ang Kallang Buddhist Temple upang manalangin. Sa paglilibang, namimili ako sa Peninsula Plaza at naglalakad sa Gardens by The Bay, Sentosa, Singapore Botanic Gardens at sa East Coast Park. Nagkaroon ako ng mga kaibigan dito sa Singapore at gustong-gusto naming mamasyal na magkakasama.

Anong payo mayroon ka para sa iba pang mga FDWs na nagtatrabaho sa Singapore?

Ang language barriers ay maaaring maging isang karaniwang problema para sa mga FDWs, kaya gumawa ng isang pagsisikap upang matuto ng basic English. Kung unang pagkakataon mong magtrabaho dito, natural lang na makaramdam ng kaunting lungkot o pagkabalisa, pero madali din itong mawawala. Kung hindi mo maunawaan kung paano isakatuparan ang iyong trabaho, magtanong ng mabuti at matuto nang maayos kapag ipinakita sa iyo kung paano gawin ang trabaho. Madalas na alalahanin ang iyong pamilya dahil nandito tayo upang magtrabaho at maglaan para sa kanila. At habang nagpapadala ka ng pera sa iyong pamilya, huwag kalimutan na maglaan ng kaunting pabuya sa iyong sarili sa araw ng iyong pahinga!



MGA MAGAGAMIT NA MGA KONTAK

ITAGO ANG MGA NUMERO SA IBABA PARA SA TULONG KUNG MAY MGA EMERGENCY

MOM FOREIGN DOMESTIC WORKER (FDW) HELPLINE



MINISTRY OF
MANPOWER

1800 339 5505

Ang hotline na ito ay para sa mga FDW na naghahanap ng tulong at payo sa kapakanan, suweldo at iba pang mga usapin may kaugnayan sa trabaho

IBA PANG MGA EMERGENCY

✚ Ambulansya/Sunog 995 🚓 Pulis 999

IBANG MGA HELPLINES



ACMI Hotline
6280 5424



Samaritans of
Singapore (SOS)
1800 221 4444
(24 hours)



Humanitarian
Organisation
for Migration
Economics
(HOME) Hotline
6341 5525 /
1800 797 7977



Association of
Employment
Agencies
(Singapore)
6836 2618



Foreign Domestic Worker Association for Social
Support and Training (FAST) Toll-Free Hotline
1800 339 4357 (24 hours)

EMBASSIES AND HIGH COMMISSIONS

	Bangladesh	6255 0075
	India	6737 6777
	Indonesia	6 737 7422 / 9295 3964
	Myanmar	6735 1672
	Philippines	6737 3977
	Sri Lanka	6254 4595
	Thailand	6737 2475 / 8421 0105